
# Ikaw ay Tinatanggap SA Bristol



**<u>Nilalaman</u>**

**Nilalaman**……………………………………………………………………..1

Ikaw ay Tinatanggap sa Bristol!.............................................................................3

Kung Paano Gamitin ang Giyang **Ito**………………………………………………….4

Tampok na mga Payo………………………………………………………………6

1. Bago Ka Dumating………………………………………………………………8

Kunin ang Tamang Visa……………………………………………………………8

Siguraduhin ang iyong Passport……………………………………………………8

Paggamit ng mga Iyong mga Kuwalipikasyon sa UK……………………………...8

Pag-aaral ng English………………………………………………………………...9

Social Media at Lokal na Impormasyon …………………………………………...10

2. Pagkatapos kang Dumating……………………………………………………...11

Migrant Support Networks…………………………………………………………11

Bahay…………………………………………………………………………………11

Mga Opisina ng Bristol City Council at mga Serbisyo………………………………13

The National Health Service…………………………………………………………13

Child Care……………………………………………………………………………14

Nurseries at mga eskuwelahan..………………………………………………………15

Unions at Professional Bodies………………………………………………………...15

Mga Payong Serbisyo…………………………………………………………………...16

Kung Mangailangan ka ng Kaagad-agad na Tulong…………………………………17

Kapansanan at Sakit……………………………………………………………………17

3. Pagtatrabaho sa Bristol………………………………………………………………18

Ang Suporta ng Ways2Work Employment……………………………………………..18

Ways2Work…………………………………………………………………………..18

Mga ahensiya na tumutulong sa paghahanap ng trabaho……………………………….18

Lokal na mga Diyaryo………………………………………………………….....18

Iba pang mga Lathalain hinggil sa Trabaho……………………………………….19

4. Pamumuhay sa Bristol……………………………………………………….20

Mga Lugar ng Pagsamba…………………………………………………………20

Sasakyan………………………………………………………………………….20

Mga karaniwang ekspresyon sa Bristol at mga Biro ng Briton………………………..21

5. Magsaya sa Bristol……………………………………………………………..22

Libreng mga Museums at Galleries...……………………………………………..…22

Radyo ng Komunidad……………………………………………………………….23

Maghapong Pasyalan para sa Pamilya………………………………………………23

Pinagdadausan ng mga Sport………………………………………………………..24

Mga Lakad at Pasyal………………………………………………………………...24

Kaganapan…………………………………………………………………………..25

Mga Aktibidad ng Komunidad……………………………………………………...25

**Ikaw ay Tinatanggap sa Bristol!**

Ang Bristol ay may matagal nang historya ng pagtanggap sa mga dayuhang-maninirahan mula sa lahat ng bahagi ng mundo. Aming pinapahalagahan ang mga kontribusyon ng mga dayuhang-maninirahan, na patuloy na nagpapalago sa lungsod na ito. Bilang residente ng Bristol nagpasya kang tawagin ang lungsod na ito bilang ang iyong tahanan. Habang ikaw ay nagtatrabaho upang makamit ang inyong mga tunguhin, magkaroon ng panahon upang kilalanin ang komunidad na ito at ang lungsod na ito, ang kaniyang historya at ang kaniyang mga tao. Ito ay sa ngayon pareho na iyong karapatan at inyong responsibilidad na tumulong sa paghubog sa kinabukasan ng lungsod na ito at siguraduhin ang kaniyang patuloy na tagumpay.

Ang Bristol ang siyang pinakamalaking lungsod sa timog kanluran ng England na may populasyon ng halos kalahating milyong mga tao. Ang Bristol ay may maraming historya na kung saan ito ay makikita sa kabuuan ng lungsod. Ang isang mabuting paraan upang makabisado ang inyong bagong mga kapaligiran habang bagu-bago pa kayo sa Bristol ay maaaring sa pamamagitan ng pag-alam sa historya ng lungsod. Ang Bristol ay dito rin ginaganap ang ilang sikat na mga kapistahan at mga kaganapan sa loob ng isang taon katulad ng Bristol Balloon Fiesta at ang Harbour Festival.

Ang Bristol ay may maraming uri ng trabaho na mai-aalok. Ang mga pangunahing sektor ng trabaho na kung saan tumatanggap ng maraming bilang ng trabahador na baguhan at may karanasan ay: Hospitality and Catering (mga hotel at restawran), Retail (shop ng mga damit at iba pa), Logistics (warehousing and driving) (paktorya/bodega at pagmamaneho), Health & Social Care (mga care homes) at Construction (Konstruksiyon). Ang Bristol ay kilala rin para sa mga sektor ng espesyalistang mga trabaho katulad ng:: Aerospace, Creative & Digital, Professional & Financial Services and Low Carbon industries.

Maintindihan namin kung papaano na ang paglipat mula sa ibang bansa patungo sa iba upang manirahan ay maaaring mahirap. Ang welcome pack (pakete ng binuong impormasyon para sa mga baguhan) na ito ay binuo upang matulongan ka sa iyong paglalakbay na gawin ang Bristol na inyong bagong tahanan. May mga kapana-panabik na mga pagkakataon ang naghihintay sa iyo habang ikaw ay magsisimula sa iyong bagong buhay sa aming komunidad, at ang impormasyong nakapaloob sa paketeng ito ay tutulong sa iyo na masulit ang mga pagkakataong iyon.

Ikaw ay tinatanggap sa Bristol.

Bristol City Council

**Paano Gamitin ang Giyang Ito**

Ang giyang ito ay isinalin sa iyong unang lenguwahe pero ang anumang internet links (kaugnay) na susundan ninyo para sa impormasyon at tulong ay maaaring mabasa lamang sa English.

Kapag Internet Explorer ang gamit maaari mong isalin ang mga pahina sa web sa iyong lenguwahe sa pamamagitan ng pagkulay sa mga nakasulat na nais mong maisalin pagkatapos ay pindutin ang kanan sa iyong mouse lalabas ang pagpilian, sa pagpiliang ito piliin ang 'Translate with Bing' at sundin ang mga instruksiyon.

Ang mga Internet link ay may markang hand cursor (itsurang kamay na panturo) upang mas madali mo silang matagpuan.

Ang giya ay hinati sa 5 mga bahagi:

1. Bago kayo dumating
2. Pagkatapos dumating
3. Pagtatrabaho sa Bristol
4. Paninirahan sa Bristol
5. Pagiging maligaya sa Bristol

Taglay ng bawat seksiyon ang impormasyon na tutulong sa iyo na manirahan sa Bristol gayundin ang mga links sa websites na higit pang tutulong sa iyo. Maaari mong mabasa ang mga link na ito sa pamamagitan ng anumang smartphone, laptop o anumang iba pang gamit na makakonek sa internet.

Kung wala kang internet, may ilang mga lugar na kung saan libre kang makagamit ng internet.

Karamihan sa mga libraria ay may mga computer na libreng magamit na magpapahintulot sa iyo na magamit ang internet. Ang mga libraria ay mahusay na lugar para sa paghahanap ng impormasyon katulad ng, ano ba ang mayroon sa Bristol, mga nakapaskil na mga trabaho sa lokal na lugar at impormasyon tungkol sa iyong lokal na lugar. Ang ilang mga libraria ay mayroon ding mga aklat sa iyong lenguwahe at kung wala maaari ka magsabi na i-order ang mga aklat.

Para sa tulong sa paghanap ng libraria sa iyong lokal na lugar pakisuyong sundan ang link sa ibaba.

Listahan ng mga Libraria sa Bristol

- List of Bristol Libraries

**Pagkuha ng tulong at suporta**

Sa Bristol may mga organisasyon sa bawat lugar na maaaring tumulong at sumuporta sa mga tao upang ma-organisa ang kanilang buhay at upang malutas ang kanilang mga problema. Ang tawag namin dito ay community advice (payo ng komunidad). Ang community advice at sumusuportang mga organisasyon ay makatutulong sa iyo sa iba-ibang mga problema at matulongan ka na malaman ang mga aktibidad at mga oportunidad na umunlad sa giyang ito.

Upang malaman ang organisayong sumusuporta o nagpapayo sa iyong lokal na lugar sundan ang link sa ibaba.

Hanapin ang sumusuportang grupo o organisasyon sa komunidad

- Find a community support group or organisation

**Wi-Fi Hotspots**

Kung mayroon kang Wi-Fi na gamit o smartphone, may mga lugar sa mismo at palibot ng Bristol na kung saan marami ang Wi-Fi hotspot na iyong magagamit lakip na ang mga cafes, coffee shops at shopping malls. Sa ibaba ay may link sa mapa ng lahat ng mga lugar sa Bristol na kung saan may mga Wi-Fi hotspot.

Wi-Fi Hotspots sa Bristol

- Wi-Fi Hotspots around Bristol

Ang giya ay nagsisimula sa maikling seksiyon sa mga payo kung papaano nakapanataili at nakapaghanap ng trabaho ang ibang mga dayuhang maninirahan sa Bristol.

**Tampok na mga Payo**

Ang mga panatag nang dayuhang naninirahan ay talaga namang mayroong kapaki-pakinabang na impormasyon na maipapasa sa mga baguhang naninirahang dayuhan. Ang mga ito ay ilan sa kanilang mga tampok na payo.

1. Mag-aral ng English bago pumunta sa UK o kumuha ng English na mga leksiyon pagkadating

‘Naghirap kaya [ako] sa mga naiibang pagkutya dito, ang hirap nga namang intindihin ang kanilang pangkaraniwang pananalita. Hirap talaga akong umintindi. Sumali ako ng marami sa mga social na grupo na nagpangyaring mas madali matuto kapag nagbibiruan ang mga tao atbp..’ (Fatima EU).

2. Mag-praktis sa pagsasalita ng English araw-araw.
3. Maglaan ng panahon na alamin ang kultura ng British-Bristol.
4. Marami sa mga negosyo sa UK ay may mga websites na nagsasabi ng mga trabaho na bakante sa kanila. Gamitin ang internet upang maghanap ng trabaho at makipag-ugnayan bago pa dumating sa Bristol
5. Gamitin ang Job Centres, mga ahensiya, lokal na mga diyaryo at radyo, Facebook, Gumtree, mga website ng trabaho, pamilya, mga ugnayan sa nasyonal at relihiyon upang maghanap ng mapapasukang trabaho.

‘Ayusin ang mga dokumento, dapat ay bago ang nilalaman, hal. CV, upang makakuha ng trabaho.' (M Ghana)

6. Kung posible, kumuha ng pagkilala ng UK para sa kuwalipikasyon sa pamamagitan ng NARIC, The National Academic Recognition Information Centre bago pa dumating.

“Bago pa man din ako nag-apply ng trabaho tinutunghayan ko na kung papaano ko magagamit ang aking mga kuwalipikasyon sa England kung ang mga ito ay tinatanggap doon, kaya makuha ko lahat ng impormasyong iyan sa online, kaya ipinadala ko ang aking mga papeles lakip na ang ilang mga pormas at mga dokumento at nakuha kong makumberte ang mga ito sa Brtish …” (Kasia mula Poland)

7. Hangga't posible, dalhin mo ang iyong mga reperensiya gayundin ang CV, o dili kaya ay maghanap ng respetadong tao sa Bristol upang magbigay ng reperensiya kapag wala kang madala.

8. Gumawa ng boluntaryong pagtatrabaho upang makakuha ng karanasan sa trabaho at mga reperensiya, pasulungin ang iyong English at alamin ang kultura ng Briton.
9. Maging alisto sa pagkontak o pagbisita sa mga potensyal na mga amo at ikalat ang inyong CV..
10. Makipag-ugnayan sa mga potensiyal na amo nang direkta sa pamamagitan ng email o dili kaya ay sa pamamagitan webpage bago at pagkadating mo sa Bristol
11. Gamitin ang mga serbisyong payo ng komunidad tulad ng Citizen Advice Bureau tungkol sa paghahanap ng trabaho, payo ukol sa pinansiyal, pabahay at legal na mga serbisyo.

# 1. Bago Ka Dumating

Bago ka dumating may mga hakbang na kailanganin mong kunin. Ang pagsunod sa mga hakbang na ito bago ka pa dumating ay magpapangyari sa iyong paglalakbay sa UK na mas madali.

## Kumuha ng Tamang Visa

Upang manirahan at makapagtrabaho sa UK kailanganin mo ang visa. Sa ibaba ay mga website tungkol sa kung papaano kumuha ng visa.

**Impormasyon sa Visa at Imigrasyon**

- Information on Visas and Immigration

Kung mag-apply ng visa  kailangan mong mag-apply sa English. Pindutin ang link sa ibaba upang hanapin ang mas marami pang impormasyon tungkol sa pag-apply ng visa.

**Mag-apply para sa Visa**

- Apply for a Visa

Baka kailanganin mo ang visa para makapunta sa UK na mag-aral, pumasyal at magtrabaho. Upang masigurado kung kailanganin mo ang visa sundan ang link sa ibaba.

**Siguraduhin kung kailanganin mo ang Visa**

- Check if you need a Visa

Ang sumunod na link ay makuwenta ang iyong mga bayad ng visa. Pindutin ang link upang punan ang iyong impormasyon upang makita kung magkano ang mga bayad ng iyong visa.

**Mga Bayad ng Visa**

- Visa Fees

## Tingnan ang Iyong Passport

Kailangan mo ang angkop na passport upang makapunta sa UK at dapat ay angkop ito para sa yugto ng iyong pagdalaw at visa. Ito ay bagay na marahil ay kailanganin mo ring ipakita kapag mag-aapply ka ng trabaho.

**Kapag Gamitin Mo ang Iyong mga Kuwalipikasyon sa UK**

Ang mga kuwlipikasyon at edukasyon na iyong nakumpleto ay hindi laging kapareho sa mga kuwalipikasyon sa UK. Kailanganin mo ang magbayad para sa opisyal na dokumento upang ipakita kung papaano na ang iyong internasyonal na [mga] kuwalipikasyon ay maikompara sa mga kuwalipikasyon sa UK. NARIC ang organisasyon na gumagawa nito.

Para sa tulong at suporta dito pakisuyong sundan ang link sa ibaba.

- How do your existing qualifications compare to British qualifications?

**Papaano na ang iyong kasalukuyang mga kuwalipikasyon ay maikompara sa mga kuwalipikasyon ng British?**



**Pag-aaral ng English**

Maaaring mahirap ang mag-aral ng bagong lenguwahe subalit mayroong tulong para sa iyo sa internet at sa komunidad. Yaong maintindihan mo English ay talaga nga namang napakahalaga para sa karamihan ng mga trabaho at upang masigurado na masulit mo ang iyong pagtira sa Bristol at sa UK.

May maraming ESOL (English for Speakers of Other Languages) na mga kurso na maaari mong gawin sa Bristol na makatutulong sa iyo sa iyong English.

Sa ibaba ay mga link sa iba-ibang mga organisasyon na maaaring makatulong sa iyo na simulan ang iyong pag-aaral ng English.

- City of Bristol College
- Local Learning
- ESOL class- Refugee women of Bristol
- http://www.bristolcourses.com/
- Workers Educational Association South West
- Gov.uk - Improve your Maths and English
- Ashley Community Housing - Himilo Training Centre
- City Academy

Ang Easton Learning Zone ay may ESOL at numeracy (math) na pag-aaral para sa mga refugees (nanganganlong), asylum seekers (mga naghahanap ng proteksyon) at ibang ESOL na mga estudyante. 94, Stapleton Rd & 230 Stapleton Road, Easton, Bristol, BS5 0RB. Telephone: 0117 941 4114

Baka kuwalipikado ka sa libreng ESOL na mga kurso kapag ikaw ay isang jobseeker (naghahanap ng trabaho). Tingnan ang mas marami pa tungkol dito sa seksiyo na Working in Bristol.

Maaari ka ring mag-aral ng English sa pamamagitan ng mga eskuwelahan ng lenguwahe sa Bristol.

Sa ibaba ay isang link na magdidirekta sa iyo sa listahan ng mga eskuwelahan ng Lenguwahe sa Bristol.

**Eskuwelahan ng lenguwahe**

- Language schools

Kung lumipat ka sa Bristol taglay ang mabuting mga kakayahan ng lenguwaheng English maaari mong pag-isipan ang tungkol sa pagkuha ng kurso sa Maths, ang tulay na kurso para sa Higher Education (universidad) o mga panggabing klase para sa mga hilig.

Sundan ang link sa ibaba upang makita ang mga kurso at upang makapag-apply.

- City of Bristol College

Ang Bristol University ay nag-aalok na rin ng mga scholarships upang matulongan ang mga Migrants (naninirahang dayuhan) at mga Asylum seekers upang mag-aral para sa isang degree sa Bristol.

Para sa mas marami pang impormasyon sundan ang link sa ibaba.

- Bristol University



## Social Media at Lokal na Impormasyon

Bago dumating sa Bristol isang maburing ideya na tingnan ang mga social media sites at local feeds na magpapahintulot sa iyo na makipag-ugnayan sa mga tao na nakatira na sa komunidad ng Bristol at magpangyari sa iyo na makita ang lokal na mga trabaho.

Nakalista sa ibaba ang maraming social media links at local feeds. Ang mga link na ito ay magbibigay sa iyo ng iimpormasyon tungkol sa kung ano ang mayroon sa Bristol, mga balita,

at nakapaskil na mga trabaho. Ito ay napakalaking tulong para sa iyo na magkaroon ng kaunawaan sa Bristol bago ka pa darating.

- Facebook
- Jobs in the Voluntary and Community Sector
- Twitter
- Ecojam - Events jobs and organisations in Bristol
- Gumtree
- Indeed
- Reed
- The Pigeon - Bristol Community News

## 2. Pagkatapos Dumating

May maraming mga sumusuportang grupo at websites na maaaring sumuporta sa iyo. Sa ibaba ay ang listahan ng mga links sa mga grupo sa Bristol at nasyonal na mga website na naroroon upang tutulong sa iyo sa iyong mga pangangailangan bilang dayuhang naninirahan.

### Migrant Support Networks

#### Mga karapatn ng Bristol Refugee

- Bristol Refugee rights
- Migrant Help UK
- Bristol Refugee Action
- National Network for Immigrants and Refugee Rights
- Bristol Somali Forum
- Somali Resource Centre
- Bristol and Avon Chinese Women's Group
- Arabic Classes
- Anglo Polish Society
- On Line News for Greeks in Bristol
- Bristol Muslim Cultural Society
- Bristol French Circle
- German Saturday School
- Ashley Community Housing

### Bahay



Bago ka pa darating sa kailanganin mong pag-isipan ang tungkol sa bahay at pag-alaga ng bata.

Ang pagkakaroon ng bahay sa Bristol ay maaaring mahirap makamit. Alinman ang iyong mapagpasyahan kung maghanap ka ng bahay ng sarilinan o sa council, ito ay maaaring mangailangan ng mahabang paghihintay. Ang mga bahay sa council ay mahal at pangangailangan ng bahay sobrang marami.

May maraming mga websites at mga ahente ng bahay na maaari mong magamit upang maghanap ng angkop na mga bahay sa iyong piling lugar.

Sa ibaba ay ilang mga link sa mga website na maaaring makatulong sa iyo na maghanap ng bahay sa Bristol. Maaari mo ring gamitin ang mga ito upang maintindihan kung anong mga bahay ang bakante sa anong presyo sa palibot ng lungsod.

- Rightmove
- Prime Location
- Zoopla
- Gumtree

Ang iba pang paraan ng paghahanap ng matitirhan ay kumontak sa lokal na council, sa kasong ito ay ang Bristol City Council.

Para sa impormasyon sa paghahanap ng bahay lakip ang council sundan ang link sa ibaba.

- Bristol City Council Housing





Kung umupa ng isang kuwarto mula sa pribadong nagpapa-upa kakailanganin mo ang reperensiya. Ito ay karaniwan na isang sulat mula sa iyong naunang taong pinag-upahan na magpapatotoo na ikaw ay isang mabuting umuupa. Ang umupa ng isang kuwarto ay mas mura kaysa sa umupa ng isang flat o ang buong bahay. Matunghayan mo ng higit pa ang tungkol sa pag-upa sa pribado at ang iyong mga karapatan sa link sa ibaba.

- https://www.bristol.gov.uk/housing/private-tenants

Ang Bristol City Council ay maaaring makatulong sa iyo sa anumang mga problema na maaaring mangyari kapag ikaw ay nakatira sa isang pribadong bahay. Ang council ay maaaring magbigay sa iyo ng tulong at payo tungkol sa mga panganib o banta na maaaring magdulot sa iyo ng pagkawalan ng tirahan o kapag ikaw ay dumaranas na di makatuwirang pagtrato dahil lamang sa ikaw ay dayuhan.

Sundan ang link sa ibaba para sa higit pang impormasyon.

**Payo may kaugnay sa bahay sa Bristol**

- Bristol housing advice

Para sa higit pang tulong hinggil sa bahay sundan ang mga link sa ibaba.

- Bristol City Council advice on Pests, pollution, noise and food
- Bristol Neighbourhood and Home Watch Network

**Bristol City Council Offices and Services**

Ang Bristol City Council ay may maraming mga serbisyo at maliliit na grupo na maaaring makatulong sa iyo kapag ikaw ay nakatira sa Bristol. Tingnan ang link sa ibaba para sa listahan ng mga kontak para sa mga maliliit na grupo na marahil ay gusto mong makausap, at ang link sa mga lugar na maaari mong puntahan para sa tulong at payo.

- Bristol City Council Contacts

## The National Health Service

Kung ikaw ay nagbayad ng karagdagan para sa healthcare at nabigyan ka ng visa o kung hindi ka naman nagbayad ng karagdagan ay marahil ikaw ay kuwalipikado na gumamit ng medikal na serbisyo ng NHS.

Dapat ay mag-apply ka upang sumali sa doctor's surgery sa iyong lokasyon at sa dentista sa iyong lugar. Kapag puno na sila maaari ka nilang sabihan kung saan ka puwedeng makapag-apply.



Para sa higit pang impormasyon sa paghahanap ng iyong lokal na GP (doctor's) surgery sundan ang link sa ibaba at i-type ang iyong postcode o lokasyo.

- Find your local GP

Para sa higit pang impormasyon sa paghahanap ng iyong lokal na dentista sundan ang link sa ibaba.

**Hanapin ang Iyong Lokal na Dentista**

- Find your local Dentist



## Pag-aalaga ng Bata

Para sa paghahanap ng kuwalipikadong mag-alaga ng bata sa Bristol sundan ang link sa ibaba.

- Find a childcare provider

Ang edad ng iyong anak ay makaapekto sa kung anong pag-aalaga ang kakailanganin ng iyong anak. Ang mga bata na mahigit 4 na taong gulang ay pupunta sa eskuwelahan.

Ang lahat ng 3-4 na taong mga gulang ay kuwalipikado sa 570 na ga oras ng pag-aalaga o edukasyon sa isang taon. Ang iyong 2 taong gulang na anak ay marahil kuwalipikado rin sa libreng pag-aalaga. Sundan ang link upang makita kung libre ba o hindi ang iyong anak sa pagkakamit ng edukasyon at pag-aalaga.

- Help with Childcare costs

Sa ibaba ay ang dalawang ibang paraan upang makahanap ng tagapag-alaga [ng anak] sa Bristol. Sa pamamagitan ng pagdagdag ng iyong postcode maaari kang makahanap ng iyong tagapag-alaga na mapagpipilian kung ikaw ba magbabayad para tagapag-alaga.

- Gov.uk - Browse childcare
- Childcare

Ang mga reperensiya ay mahalaga kapag naghahanap ng tagapag-alaga, siguraduhin mo o ang ahensiya na hanapin ang reperensiya mula sa isang tagapag-alagang tao na gusto mong kunin na suwelduhan. Ito ang magsisigurado na ang tagapag-alaga ay kuwalipikado na mag-alaga para sa iyong mga anak.

Ang mga centre para sa mga bata ay matatagpuan sa buong Bristol at maglalaan ng tulong at suporta sa mga magulang upang maalagaan ang kanilang pamilya at magkaroon ng maligaya at malusog na pamumuhay. Ang iyong lokal na children's centre ay responsable para sa pagbibigay sa iyo ng tulong at suporta. Para sa higit pang impormasyon sa iyong lokal na children's centre pakisuyong sundan ang link sa ibaba.

- Find your local Children’s Centre

Dahil sa sobrang dami ng mangailangan, may mga pagdagdag sa mga children's centre na nag-aalok ng libreng ESOL na mga kurso. Siguraduhing tanungin ang tungkol sa ESOL na mga kurso na maaaring kunin sa iyong lokal na children's centre.



## Nurseries at eskuwelahan

Maraming mga eskuwelahan at nurseries sa loob at palibot ng Bristol ang puno at na ito ay mangahulugan na ang iyong anak ay hindi laging mapunta sa iyong unang pili na eskuwelahan o nursery.

Sa ibaba ay mga ilang payo na maaaring makatulong sa iyo kapag dalhin ang iyong anak sa eskuwelahan.

- Pag-isipan ang higit sa isa lamang ng pagpilian – ang mga bata ay hindi laging napupunta sa unang piling eskuwelahan kaya siguraduhing mayroon kang ilang aaplayan.
- Siguraduhing alam mo kung kailan ka magsimulang mag-apply.
    - **Pag-aaply sa mga eskuwelahan** Applying to schools - Ang link na ito ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung kailan at papaano ka dapat mag-apply sa iyong piling mga eskuwelahan.

- Maging pamilyar sa eskuwelahan. Napakahalaga na malaman ang mga alituntunin ng eskuwelahan kapag nag-aapply para sa eskuwelahang iyan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga eskuwelahan at paghahanap ng iyong lokal na mga eskuwelahan at nurseries sundan ang link sa ibaba.

- Bristol Schools and Nurseries

## Unions at Professional Bodies

Angmga Unions ay magre-representa para sa kapakinabangan ng mga trabahador at maaaring tumulong sa iyo sa anumang mga isyu na maaaring mapaharap sa iyo sa dako ng trabaho lalung-lalao na kapag ikaw ay nakakaramdam ng di makatuwirang pagtrato.

Sa ibaba ay linstahan ng Union para sa mga migrant.

- TUC
- Unison
- European Migrant Workers Union
- International Trade Union Confederation



## Mga Serbisyong Payo

May maraming serbisyong payo na base sa Bristol na maaaring makita mong makatutulong sa ilang mga problema.

Para sa payo hinggil sa pera at utang:

- Talking money

Ang Avon and Bristol Law Centre ay maglalaan ng libreng legal na payo. Sakop nila ang maraming mga isyu katulad ng diskriminasyon, bahay at imigrasyon.

- Avon and Bristol Law Centre

Ang Bristol Citizen Advice Bureau ay maaaring magbibigay sa iyo ng payo sa maraming mga bagay.

- Bristol Citizen Advice Bureau

Ang South Bristol Advice Service ay mag-aalok sa iyo ng maraming payo lakip na ang bahay at mga karapatan sa benepisyo.

- South Bristol advice

Ang North Bristol Advice Service ay mag-aalok ng maraming payo lakip na ang bahay at mga karapatan sa benepisyo.

- North Bristol advice

Payo tungkol sa bahay at pagkawalan ng tirahan.

- Shelter

Ang Bristol Hate Crime Services ay nariyan na magbibigay sa iyo ng kompidensiyal na payo at suporta kapag ikaw ay nakakaramdan na ikaw ay kinapopootan na kung saan ito ay krimen. Ang link sa ibaba ay magdidirekta sa iyo sa kanilang pangunahing webpage.

- Bristol Hate Crime Services

Ang Bristol Women's Aid ay tumutulong sa mga babae na dumaranas o dumanas ng karahasan o pagkaabuso sa tahanan.

- Bristol Women's Aid

## Kung Kailanganin Mo ang Kaagad-agad na Tulong

**Dial 999 kapag may emerhensiya.**

999 ang para sa mga serbisyong pang-emerhensiya. Ito ay para sa ambulansiya, pulis, o serbisyo ng sunog. Kung mayroon kang medikal na emerhensiya, nanganganib bigla o may

sunod tawag ka ng 999. Kausapin ka nila at idirekta ka sa kung ano ang serbisyo na kakailanganin mo.

111 ay maaaring magbigay din sa iyo ng medikal na payo kung ang yong problema ay hindi ito emerhensiya subalit hindi ka na makapaghintay ng iyong doctor.

Kung mayroon kang anumang ibang problema sa kalusugan makipag-ugnayan sa iyong dictor at kumuha ng appointment.

## Kapansanan at Sakit

Kung mayroon kang kapansanan o kondisyon ng kalusugan na makaapekto sa iyo sa pagtatrabaho, sinasabi ng ng batas ng UK na marahil ikaw ay karapat-dapat sa 'makatuwirang paglalaan' upang matulungan kang makapagtrabaho. Ang mga paglalaan na ito ay maaaring lakip ang kagamitan, pagbabago ng kalagayan at sumusuporta mga trabahador. Marami sa mga pagbabagong ito ay maaaring pundohan ng Government Scheme Access upang gumana.

Kung ikaw, ang isang bata, o miyembro ng pamilya ay may kapansanan o sakit, maaaring ikaw ay makinabang mula sa impormasyon sa website o suportang makukuha mula sa lokal at nasyonal na mga organisasyon:

- Disability Rights UK
- Bristol Disability Equality Forum
- WECIL (West of England Independent Living Centre)
- Remploy
- PLUSS

Ang higit pang impormasyon sa mga organisasyong ito at iba pang kapansanan at mga serbisyo ukol sa mga sakit ang maaaring matagpuan sa Ways2Work at Well Aware na mga website.

# 3. Pagtatrabaho sa Bristol

## Ways2Work Employment Support

Ang **Ways2Work** ay tumutulong bilang bahagi ng Bristol City Council upang maglaan ng maraming mapagpipilian suporta sa mga residente ng Bristol. Nagtatrabaho kasama ang kabuuan ng Bristol at ang Kanluran ng England nagsasagawa sila ng mga job fairs (kaganapan na kung saan iba-ibang ahensiya o kompanya ang presente na mag-aalok ng mga trabaho), mamigay ng impormasyon at higit sa lahat, kaugnay nila ang iba-ibang ahensiya sumusuporta, mga kolehiyo at nagpapatrabaho sa lugar upang tumulong sa mga residente ng Bristo na makakuha ng trabaho.

- **Ways2Work**

## Mga ahensiya ng Trabaho

Sa Bristol maraming mga ahensiya ng trabaho na maaaring makatulong sa iyo upang makakuha ng trabaho. Mayroon silang buong panahong mga trabaho, partidang oras na trabaho, permanenteng trabaho at temporaryong trabaho na maiaalok.

Para sa listahan ng lokal na mga ahensiyang recruitment (nag-aalok ng trabaho) sa Bristol upang matulongan kayong makahanap ng trabaho sundan ang link sa ibaba.

- Lucy Bristow Office, business administration, legal, marketing/sales, PA/Secretarial, HR, finance and customer service jobs.
- Red Recruitment Accountancy, office support and call centre staff.
- Robert Half Accounting, banking, finance, technology and administration recruitment.
- Pertemps General employment.

Ang link sa ibaba ay papayagan ka na maghanap ng ibang lokal na mga ahensiyang recruitment.

Paghahanap **ng mga ahensiyang recruitment**
- Recruitment agency search

Maaari ka ring maghanap sa web ‘jobs in Bristol’ para sa maraming pagpipilian ng trabaho.




## Lokal na mga Diyaryo

Ang mga lokal na diyaryo ay mayroon ding mga nakalathalang mga trabaho. Maaari kang bumili ng lokal na diyaryo mula sa anumang newsagent (tindahan) o sa supermarket. Ang lokal na diyaryo ng Bristol ay ang Bristol Post.

Ang lokal na mga diyaro ay makukuha rin sa online, sundan ang mga link sa ibaba upang makita ang iyong lokal na website ng diyaryo.

- Bristol Post
- Bath Chronicle

## Iba Pang mga Panggagalingan ng mga Nakalathalang Trabaho

jobcentreplus **Job Centres**

Ang mga Job centres ay maaaring makatulong iyo na makakuha ng trabaho at kasama ang pag-aaral ng English.

Para sa mas maraming impormasyo sundan ang link sa ibaba

### Hanapin ang Iyong Lokal na Job Centre

- Find Your Local Job Centre

### Paghahanap ng trabaho

- Job search

## Mga Lugar na Kung Saan Pwedeng Magboluntaryo at mga Oportunidad

Ang pagboboluntaryo ay kapag ang isang tao ay magtatrabaho para sa isang organisasyon nang walang sahod o dili kaya'y pamasahe lang. Ang mga tao ay magboluntaryo upang magsagawa ng iba-ibang walang bayad na trabaho dahil –

- Dadagdagan nito ang iyong karanasan sa trabaho at tutulong upang magkaroon ng bagong mga kakayahan
- Maaari mong ma-praktis ang iyong English at magkaroon ng bagong mga kaibigan

- Maaari kang makatulong sa mga tao at iyong komunidad

Maraming mga oportunidad upang mag-volunteer ang maaaring matagpuan sa Bristol. Sa ibaba ay ang listahan ng mga webpage na magbibigay sa iyo ng mas maraming impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa pagboboluntaryo.

- Volunteer Bristol
- Bristol Zoo
- Do-It
- RSPCA

## 4. Living In Bristol

### Mga Lugar ng Pagsamba

Ang Bristol ay may maraming lokal na mga lugar ng pagsamba para sa iyo upang maisagawa ang iyong relihiyon. Sa ibaba ay may link sa listahan ng pangunahing mga lugar ng pagsamba sa Bristol at kanilang mga address.

### Mga lugar ng pagsamba

- Places of worship

### Sakyan

**Sa pamamagitan ng Bus** - Ang lundsod ay may malaking ugnayan ng bus na kung saan makatutulong sa iyo na sumakay sa palibot ng lungsod.

Para sa mas marami pang impormasyon ng pampublikong bus na sakyan sundan ang mga link sa ibaba.

- https://travelwest.info/



**Sa pamamagitan ng Bike** –Marami din namang rotang bisikletahan sa Bristol upang gawing madali at ligtas para sa iyo na magbisikleta sa Bristol.

Ito ay mapa ng lahat ng rotang bisikletahan sa Bristol. Sundan ang link sa ibaba.

- Sustrans cycle route

**Sa pamamagitan ng Train** - Ang Bristol din ay may mabuting mga ugnayan ng train sa loob ng Bristol gayundin ang iba pang mga bayan at lungsod.



- National rail

**Mga karaniwang ekspresyon ng Bristol at  British Humour (Biro ng Briton)**

Ang mga tao sa Bristol ay may paraan ng pagsasalita na naiiba sa ibang mga lungsod. Sa ibaba ay matatagpuan mo ang listahan ng mga link na madidirekta sa iyo sa mga pahina upang maunawaan ang popular na mga ekspresyon ng Bristol at ‘British humour’.

- Buzzfeed
- Born and Bred Bristolian babble
- BBC Bristol culture

## 5. Magsaya sa Bristol

Ang pagtuklas sa iyong mga kapaligiran sa Bristol ay maaaring lubhang kaiga-igaya. Itong huling seksiyon ay magbibigay sa iyo impormasyon tungkol sa sa iba-ibang mga kaganapan, museum at mga parke ana maaari mong pasyalan habang nakatira at nagtatrabaho sa Bristol.




### Libreng mga Museum at Galeria

Ang Bristol ay mayroong kahanga-hangang mga museum at galeria na magbibigay sa iyo ng kaunawaan sa lokal na historya at kultura at libre lang din ang pagpasok.

Sa ibaba ay ang link na magdadala sa iyo sa pangunahing Bristol Museums website.

- Bristol Museums

    - Bristol Museum and Art Gallery ay 3 palapag ng art and exhibitions na kung saan libre din naman ang pumasyal.

- Bristol Museum and Art Gallery

    - M Shed ay isang museum na pasadya sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon sa mga Lugar sa Bristol, Tao sa Bristol at Buhay sa Bristol.

- M Shed

    - Ang Georgian House Museum ay dito mo makikita at mararanasan kung paano noon ang lagay ng bahay at kung paano ito inaasikaso noong panahon ng Georgian (300 taon ang nakaraan).

- Georgian house

    - Red Lodge Museum dito mo makikita ang 400 mga taon ng historya.

- Red Lodge Museum

    - Blaise Castle House Museum – tingnan kung ano ang nilalaro ng mga tao sa mga nakalipas, kung ano ang kanilang mga suot at paano nila ginagagawa noon ang kanilang gawaing bahay.

- Blaise Castle House Museum

- Bristol Record Office ay lugar ng archives (lumang mga dokumento atbp) ng Bristol at ng nakapalibot nitong mga lugar mula pa sa nakalipas.

- Bristol Record Office



## Radyo ng Komunidad

Ang radyo ng komunidad ay isang mabuting panggagalingan ng lokal na mga impormasyon.

Bristol Community FM Radio

http://bcfmradio.com/about-bcfm#

Ujima Radio

http://www.ujimaradio.com/



## Maghapong-pasyalan ng Pamilya

Ang Science Museum sa Bristol ay isa ring kapana-panabik na lugar upang pasyalan. Ito ay isang kaiga-igayang paraan para matuto tungkol sa science anuman ang iyong edad. Ang museum ay may mga paraan para sa iyo upang tunghayan at matuto tungkol sa science.

Para sa mas maraming impormasyon, lakip na ang mga presyo ng ticket, sundan ang link sa ibaba.

**Sa Bristol**

- At Bristol

Ang Bristol ay din ng zoo (lugar ng mga hayop). Ang pamamasyal sa zoo nang maghapon ay maaaring kapana-panabik at laking katuwaan para sa lahat ng pamilya.

Para sa higit pang impormasyon, lakip na ang mga presyo ng ticket, sundan ang link sa ibaba.

- Bristol zoo

Gayundin may ilang mga farm (lugar na pinag-aalagaan ng mga hayop, atbp) sa loob at kapaligiran ng Bristol mula sa maliit na pangkomunidad na farm hanggang sa mas malalaking mga farm.

Ang link sa ibaba ay magdidirekta sa iyo sa listahan ng lokal na mga farm at mga impormasyon tungkol sa kanila. Maaari mo ring pagtuonan pa ang mga link upang makita kung ano pa ang mayroon sa Bristol na makabubuti para sa pamilya.

**Lokal na mga farm**

- Local farms

May mga leisure centre (lugar ng ehersisyo) sa maraming lugar ng Bristol. Ito ay lugar na kung saan maaari kang pumunta upang magsagawa ng ehersisyo at sport.

**Leisure centres sa Bristol**

- Leisure centres in Bristol



May maraming mga park (parke) at lugar ng palaruan sa loob at kapaligiran ng Bristol. Ang ilan ay may malawak na lupain, palaruan espasyo at ang ilan ay may mga tubigan at ilog. Ang lahat ng mga parke ay bukas sa buong taon at libre lang ang pagpunta sa mga ito. Ang iyong lokal na parke ay mayroon ding mga kaganapang pangkomunidad sa loob ng taon.

Para sa listahan ng lokal na mga park na malapit sa iyo sundan ang link sa ibaba

**Lokal na mga Park**

- Local Parks



**Lokasyon ng mga Sport**

May maraming mga sport team sa Bristol mula sa maliliit na mga komunidad hanggang sa mas malalaking mga sport teams katulad ng Bristol City Football Club.

May dalawang pangunahing pinagdadausan ng laro sa Bristol:  Ashton Gate Stadium at Bristol Memorial Stadium.  Ang parehong mga stadiums ay dito ginaganap ang iba-ibang mga kaganapan sa loob ng isang taon, para sa higit pang impormasyon sa mga kaganapan at mga presyo ng ticket pakisuyong sundan ang mga link sa ibaba.

- Ashton Gate Stadium
- The Memorial Stadium



**Mga Lakad at Pasya**

Ang paglakad sa Bristol ay tutulong sa iyo upang manirahan nang maigi at magkaroon mas mabuting pagkaunawa sa iyong mga kapaligiran. Ang kapana-panabik na pagkakataon ng pagtanaw sa Bristol ay magbubukas ng iyong mga mata sa kaniyang mga mahahalagang mga gusali at palatandaan habang natututo at nauunawaan ang historya ng Bristol.

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa mga lakad at pasyal sa Bristol sundan ang mga link sa ibaba.

**Libreng lakad na pamamasyal sa Bristol**

- Bristol free walking tour

**Ang lumang lungsod na subok na pamana ng Bristol**

- Bristol old city heritage trial

**Pagtingin sa mga tanawin at pamamasyal**

- Sightseeing and tours

Ang iba pang paraan upang magalugad ang Bristol at ang kaniyang mga sikat na lugar ay ang bukas-bubong na bus tour. Ang Tanawin ng Bristol sa Tour Bus ay pamamasyal na mangailangan ng isang oras at kalahating pagsuyod sa iba't-ibang bahagi ng Bristol. Maaari mong gamitin ang tour at iwanan ang bus sa anumang hintuan upang galugarin ang palibot na higit pa bago sumakay uli sa sunod na bus kapag handa ka na.

**Tanawin ng Bristol sa Tour Bus**

- Bristol Insight Tour Bus




**Mga Kaganapan**

Napakaraming mga kaganapan sa Bristol sa loob ng taon. Ang pakikibahagi sa mga kaganapan at kapistahan sa komunidad ang magpapangyari sa pagtira sa Bristol na mas kapana-panabik. Marami sa mga kaganapang ito ay libre din naman na daluhan.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga kaganapan sa Bristol sundan ang links sa ibaba.

**Pumasyal sa Bristol**

- Visit Bristol

**Ano ba ang mayroon sa Bristol?**

- What's on in Bristol?

**Bristol 24/7**

- Bristol 24/7

**Bristol Post - Ano bang mayroon?**

- Bristol Post - What's on?

## Mga Aktibidad sa Komunidad

Ang susi sa pagiging kalahok sa iyong komunidad ay makibahagi. Ang iyong komunidad ay mayroong mga centre (tagpuan) na malapit na kung saan ginawa ang maraming mga kaganapan. Marahil ay may mga maliliit na lokal mga aktibidad at kapistahan na malapit sa iyo na kung saan puwede kang makibahagi. Ito ay makatutulong sa iyo na makahanap ng mga kaibigan at manatili sa Bristol at sa iyong lokal na komunidad.



Para sa mas marami pang impormasyon at tulong sa paghahanap ng tagpuan sa iyong lokal na komunidad sundan ang link sa ibaba.

**Hanapin ang tagpuan sa iyong lokal na komunindad**

- Find your local community centre

Sana nga ay kapaki-pakinabang ang giyang ito at pagpalain ka nawa sa iyong paglipat sa Bristol.